**Buod: Salusalo para kay Kuya**

Ika-18 kaarawan ni Kuya ngayon! Kaya dadalawin namin siya, kasama ang buong angkan at ang mga kaibigan niya. Ang daming pagkain, lahat ng paborito niya, at naghanda pa sina Tatay ng eksibit ng mga painting at drowing ni Kuya. Di na ako makahintay ibigay sa kaniya ang regalo ko, at sabihing miss na miss na miss ko na siya!

# Salusalo para kay Kuya

Nagising ako ng amoy ng adobo, ng pinakamasarap na adobo sa mundo.

Isa lang ang ibig sabihin nito! Kumaripas ako ng takbo papuntang kusina —

"Ama!" ang yakap at pagmano ko sa lolo ko kay Nanay.

Kaarawan ni Kuya ngayon, at ang adobo ni Ama ang paborito ni Kuya. (At paborito ko rin!)

"Hala ka!" halakhak ni Ama, "Nagulat ako, akala ko ikaw ang kuya mo!"

Napuno ng tawanan ang kusina, siksik na siksik sa dami ng bisita at inihahandang pagkain.

Pagdaan ko sa sala,

"Bubuy! Ang laki mo na!" apir sa akin ni Kuya Paeng, pinsan namin, at pinakamatalik na kaibigan ni Kuya dahil lagi silang magkaklase sa eskuwela.

"Baka naman lumiit ka lang," biro ko, sabay takbo palabas ng bahay.
Nagtawanan ang barkada nina Kuya. May narinig akong nagsabi, "Magkapatid nga sila ni Lean."

Nagkakarga si Tatay ng mga kuwadro at kahon ng mga larawan sa inarkilang jeep.

"Salamat, anak," sabi ni Tatay nang kunin niya sa akin ang iniabot kong kahon, "Dahil disiotso na si Kuya, naisip namin ni Nanay na ipakita sa mga bisita ang mga gawa niya."

Makapananghalian, nagsiksikan na kaming pamilya sa jeep, kasama ng mga likha ni Kuya at napakaraming pagkain.

Kabuntot ng jeep namin ang mahabang hilera ng sasakyan ng mga kaibigan at kamag-anak.

Pagdating namin, nagkani-kaniya nang latag ng sapin ang mga bisita. Sina Nanay ang umako sa handaan, at tinulungan naman ako ng barkada nina Kuya sa mga kuwadro at kahon ng mga larawan.

"Galing talaga ni Kuya, 'no?" sabi ko kay Kuya Paeng pagkatapos naming maiayos ang mga gawa ni Kuya.

"Oo naman!" ngiti niya, "Itong portrait ni Mrs. Chavez? Ginawa 'to ni Lean nung nagalit si ma'am sa klase — mabilisan lang. Pero ayun, napangiti agad si ma'am."

Tumawa si Nanay mula sa kalapit na mesa. "Naku, diskarte niya talaga yan.
May isang kuwadro diyan, may mga drowing ng iba't ibang bagay na palaging may katabing batang masaya. Ibinibigay sa amin ng Tatay niya tuwing may gusto siyang ipabili. Siguro wala pa siyang limang taon noon, pero alam na agad naming magaling siyang magdrowing."

Ang daming maganda sa mga gawa ni Kuya, lalo na yung mga nagawa niya noong nag-aaral na siya ng Fine Arts sa kolehiyo. Pero paborito ko pa rin ang drowing ng umiiyak na batang nakakapa. Naaalala ko pa kung kailan niya ginawa iyon.

Mas matanda si Kuya sa akin nang walong taon, at noong hayskul na siya, iniiwan na ako nina Nanay kay Kuya para bantayan mag-isa. May isang beses, biglang sumamâ ang pakiramdam ko, at iyak lang ako nang iyak.

Kaya kinuwentuhan niya ako tungkol kay Bubuy Boy — isang superhero na may powers ang luha. Kaya ng luha ni Bubuy Boy gawing kumunoy ang lupang inaapakan ng halimaw, lusawin ang mga kalamnan ng ibabang kaputol ng manananggal, o tumulo bilang nabubuong yelo para bukulan at patigasin ang katawan ng mga tumatakas na magnanakaw. Kaya kapag umiyak na si Bubuy Boy, siguradong matatalo niya ang lahat ng kalaban!

Nang gabing iyon, dinatnan kami nina Tatay na parehong umiiyak. Sa kakatawa. At kahit ngayon, kapag naiiyak ako, napapangiti ako ng alaala ng naging biro ni Kuya para patahanin ako, "Ay, tapos na naman ang laban, di ko man lang inabutan."

Hay, nakaka-miss talaga si Kuya.

Tatlong taon na siyang wala pero ramdam na ramdam pa rin naming laging may kulang. Lalo na tuwing gumuguhit ako. Mas madali at mas masaya talaga noong kasama ko si Kuya. Pero hindi ako susuko — sabi ni Kuya, kailangang maging mas magaling pa ako sa kaniya.

Bago magsimulang mag-alisan ang mga bisita, kinantahan namin si Kuya ng Happy Birthday at ako ang umihip sa mga kandila ng cake niya. May mga nag-iwan rin ng bulaklak, lobo, at liham.

Siyempre, may regalo ako kay Kuya: drowing ni Bubuy Boy, umiiyak ng bahagharing luhang ginagamit ni Kuya sa pagpinta.

Narinig kong suminghot si Nanay.

Inakbayan siya ni Tatay, “Wag na tayong malungkot, Nay. Mukha namang natupad ang pangarap ni Kuya na maging pintor.”

At itinuro niya ang maraming anyo ng ulap sa makulay na langit ng papalubog nang araw.

Ang galing talaga ng Kuya ko!